



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Si Muhammad ﷺ — Ang Sugo ng Awa at Halimbawa





Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Si Muhammad ﷺ — Ang Sugo ng Awa at Halimbawa

Panimula

Sa kaibuturan ng bawat tao, mayroong pagkauhaw na hindi kayang pawiin ng salapi, at hindi kayang patahimikin ng ingay. Isang pagkauhaw na naghahanap ng awa. Ang awa ay hindi basta salita lamang, kundi isang lunas na nagpapatahimik sa pagod na puso, isang sinag na muling nagbibigay ng pag-asa.

Bawat isa ay nagtatanong:

Saan ko mahahanap ang isang taong uunawa sa akin nang walang kondisyon? Sino ang maaawa sa aking kahinaan nang walang pagmamataas? Sino ang hahawak sa aking kamay nang may lambing at hindi makasasakit?

Sa gitna ng paghahanap na ito, may isang pangalang sumisilang... si Muhammad ﷺ.

Hindi siya dumating upang sumigaw sa mga tao o baliin ang kanilang puso sa pamamagitan ng dahas, kundi tulad ng banayad na simoy na nagdadala ng init, at tulad ng malumanay na haplos na pumupukaw sa puso mula sa pagkalimot.

Hindi niya ipinakilala ang kanyang sarili bilang diyos na sasambahin, ni bilang pinunong mang-aabuso, kundi bilang alipin ng Diyos at sugo sa sangkatauhan — nag-aanyaya nang may pag-ibig, at yumayakap sa kanila nang may awa.



Pag-aanyaya Para sa mga Pilipino

Ang Sugo ng Awa

Si Muhammad ﷺ ay hindi lamang tagapagdala ng mensahe na babasahin ng mga tao at iiwan na lamang. Siya mismo ang larawan ng awa sa pinakatotoong anyo nito.

Hindi niya ipinahayag ang awa sa pamamagitan ng mga islogan o talumpati, kundi isinabuhay niya ito sa bawat kilos, bawat tingin, bawat hakbang.

Sabi ng Diyos sa Qur'an:

"At hindi ka Namin ipinadala kundi bilang awa para sa lahat ng nilikha." (Al-Anbiya 21:107)

Isang awa na walang hangganan sa heograpiya, walang hadlang ng relihiyon. Awa para sa lahat ng nilalang, kahit sa hayop at ibon.

Hinahaplos niya ang ulo ng ulila upang maramdaman nitong ang mundo ay isang ligtas na tahanan.

Ngumiti siya sa isang taong lumapastangan sa kanya upang putulin ang siklo ng poot, at maghasik ng binhi ng kapayapaan. At ang kanyang awa ay hindi kahinaan, kundi isang lakas na mas mataas pa sa lahat ng lakas — sapagkat ito ay nagtatamo ng mga puso bago pa man katawan.

Ang awa ang kanyang landas tungo sa tagumpay, at siyang lihim kung bakit mahal pa rin siya ng milyon-milyon hanggang ngayon, higit labing-apat na siglo na ang lumipas.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Sa Kanyang Tahanan ﷺ

Ang bahay ang nagbubunyag ng tunay na puso. Si Muhammad ﷺ sa kanyang tahanan ay huwarang asawa, maawain, at taong namuhay ng pag-ibig bilang araw-araw na gawain, hindi lamang salita.

Hindi siya mapang-abuso sa kanyang pamilya, bagkus tinutulungan sila sa gawaing-bahay, nagtatagpi ng kanyang damit, nag-aayos ng kanyang sandalyas, at naggagatas ng kanyang kambing.

Minsan, isa sa kanyang mga asawa ang nakabasag ng sisidlan dahil sa selos. Ano ang ginawa niya? Hindi siya nagalit, hindi sumigaw.

Ngumiti lamang siya at nagsabi: “Nagselos ang inyong ina.” Pagkatapos, pinulot niya ang mga piraso at nagbigay ng kapalit na sisidlan.

Isang malalim na aral: Ang pag-ibig ay nauuna bago ang pagkain, at ang awa ay nauuna bago ang sisi.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Sa mga Bata

Ang mga bata ang lihim ng inosensya, at si Muhammad ﷺ ang pinakamaawain sa kanila.

Hindi niya tinitingnan sila bilang walang halaga, kundi bilang isang buong daigdig na nararapat sa paggalang at pagmamahal.

Kapag pumasok sila sa kanyang silid, tatayo siya para sa kanila, buhatin sila sa kanyang balikat, at paligayahin sila sa kanyang tapat na ngiti.

Kapag siya ay nagdarasal at ang kanyang apo ay umakyat sa kanyang likod, pahahabain niya ang kanyang pagyuko hanggang matapos ang laro ng bata.

Kapag nakarinig siya ng iyak ng sanggol sa pagdarasal, paiikliin niya ang pagbasa bilang awa sa ina nito.

Pinatunayan nito na ang pagsamba ay hindi hiwalay sa pagkatao, kundi pinagbubuklod ng awa at debosyon.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Sa mga Hindi Muslim

Ang awa ni Muhammad ﷺ ay hindi nakatali sa isang pangkat o isang relihiyon, kundi para sa lahat ng sangkatauhan.

Isang araw, may dumaan na libing ng isang Hudyo, kaya tumayo siya. Nang magtaka ang kanyang mga kasamahan at nagsabi:
“Iyon ay libing ng Hudyo!” Sumagot siya: “Hindi ba’t iyon ay isang kaluluwa rin?”

Hindi niya ginaganti ang kasamaan ng kasamaan.

Nang siya ay inalipusta at pinaalis mula sa Makkah, at sa huli ay nanaig sa kanila, pinatawad niya sila sa pagsasabing:

“Humayo kayo, kayo ay malaya na.”

Itinuro niya na ang paanyaya tungo sa Diyos ay hindi sa pamamagitan ng dahas, kundi sa awa.

At ang pagwawagi ng mga puso ay mas mahalaga kaysa pagwawagi ng mga lupain.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Ang Mapagkumbabang Pinuno

Iniisip ng iba na ang pamumuno ay nangangahulugan ng trono at palasyo. Ngunit binago ito ni Muhammad ﷺ.

Siya ay nakisalamuha sa mga tao nang walang hadlang, kumakain kung ano ang kinakain nila, nakaupo kung saan sila nakaupo, at nagsusuot ng kung ano ang kanilang isinusuot.

Nang nagtayo ang mga Muslim ng Masjid an-Nabawi, siya mismo ay nagbuhat ng mga bato kasama nila.

Sa digmaan, siya ay nakatali ng bato sa kanyang tiyan sa sobrang gutom, kagaya ng kanyang mga kasamahan.

Sinabi niya:

“Ako ay isang alipin lamang. Ako ay kumakain tulad ng isang alipin at nauupo tulad ng isang alipin.”

Sa kanyang pagpapakumbaba, nakita ang tunay na kadakilaan.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Isang Huwarang Espirituwal

Lahat ng tao ay naghahanap ng huwaran. Ngunit ano ang pipiliin natin? Ang kayamanan? Ang kasikatan? Ang kapangyarihan? Si Muhammad ﷺ ay nag-alok ng kakaibang huwaran — isang huwaran ng awa at pagbibigay.

Sa pagsamba: Siya ay nagdarasal sa gabi hanggang mamaga ang kanyang mga paa, ngunit ang kanyang puso ay abala sa pag-aalala para sa kanyang ummah.

Sa asal: Hindi siya nagalit para sa kanyang sarili, at hindi siya naghiganti maliban para sa Diyos.

Sa pakikitungo: Lagi siyang nakangiti at nakikilala dahil sa kanyang pagpapatawad.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Mensahe sa Puso

Huminto ka sandali... tumingin sa iyong kalooban. Ilang beses kang nakaramdam ng kalungkutan?

Ilang beses kang nangarap ng kamay na aalo sa iyong puso?

Ilang beses mong hinangad na magkaroon ng mas malalim na kahulugan ang buhay?

Si Muhammad ﷺ ay dumating upang sagutin ang tahimik na panawagang ito.

Hindi siya nagsasalita nang malakas na nakakapagod pakinggan, kundi bumubulong sa iyong puso: “Halika... lumapit ka... walang pintong mas malawak kaysa sa pintuan ng Diyos.”

Kapag binabasa mo ang kanyang talambuhay, mararamdaman mong kilala ka niya — ang iyong sakit, ang iyong takot, ang iyong maliliit na pangarap.

Iniaabot niya ang kanyang kamay hindi upang kumuha ng anuman, kundi upang ibigay ang lahat.



Pag aanyaya Para sa mga Pilipino

Pangwakas

Si Muhammad ﷺ ay hindi lamang pahina sa aklat ng kasaysayan, o alaala ng mga sumasampalataya sa kanya. Siya ay isang panawagang laging sariwa sa bawat panahon — panawagan ng awa at pagiging huwaran.

Ngayon, sa mundong puno ng alitan at poot, ang sangkatauhan ay naghahanap ng kanlungan.

At si Muhammad ﷺ ang nagtuturo sa atin na ang pag-ibig ay mas malakas kaysa karahasan, ang awa ay mas malawak kaysa poot, at ang mga puso ay maaaring magtagpo kahit may pagkakaiba.

Sabi ng Diyos:

“At hindi ka Namin ipinadala kundi bilang awa para sa lahat ng ni-likha.” (Al-Anbiya 21:107)



PHILIPPINES

WWW.filipino.midadedev.com

جمعية طريق الحرير للتواصل الحضاري

مركز دعوة الفلبين

الرياض - حي الريان

جوال +966534114444 الهاتف +966112270607



SA1880000204608015540549 مصرف الراجحي

Pag aanyaya Para sa mga Pilipino